# Yantok ng pulis para sa social distancing

Balita · 18 Mar 2021 · 2 · Jun Fabon

May 5,000 mga yantok ang ipinamahagi ng Quezon City government sa mga tauhan ng Quezon City Police District upang gawing panukat o meterstick sa pananatili ng 1 metro agwat sa mga sumusuway sa mga sumusuway sa health protocols dahil sa muling paglobo ng COVID -19.

Inihayag ni QC Mayor Joy Belmonte, hind pamalo kundi gagamiting panukat sa “1-meter social distancing rule” ng mga nasa labas ng bahay.

Aniya, gagamitin ng nagpatrolyang mga pulis-QC na may bitbit na yantok. Base sa programang “Bida Bastonero”, 5,000 piraso ng yantok ang ibinigay ng pamahalaang-lungsod sa QCPD.